

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 22, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Pinagsamang Sentro ng Impormasyon,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov
HHS Contact: Zhan Caplan, Zhan.Caplan@hhs.gov

Para Sa Agarang Pahayag

Nagsisimula na ang mga Operasyon ng Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyo sa Tao sa Estado Unidos para sa mga Migranteng mga Bata na Nasilong sa Long Beach Convention Center

Long Beach, CA - Sa ngayon, ang Departamento ng Kalusugan at Sebisyong Pantao (Health and Human Services-HHS) ng Estados Unidos ay nagsimula ang operasyon para sa kanilang paggamit ng Emerhensiyang Silungan na matatagpuan sa Long Beach Convention Center para sa mga batang dayuhan na dumating mula sa Hangganan ng Mexico. Malugod na tinanggap ng Long Beach ang kauna-unahang pangkat ng mga bata na may magkahalong grupo ng mga batang lalaki at babae ngayon.

“Ngayong araw na ito ay sinisimulan nating tanggapin ang mga migranteng mga bata sa Long Beach. Ang pangmakataong misyon na ito ay upang mabigyan ng tirahan at mabigyan ng mabilis na pagkakasamang muli ng mga pamilya,” sabi ni Alkalde Robert Garcia. “Dapat nating tratuhin ang bawat isang bata na may pagkahabag, kabaitan, at pagmamahal.”

Habang nasa kanlungan sa Convention Center, ang mga bata ay sasailalim sa pangangalaga ng HHS. Sa kanilang pagdating sa silungan, ang mga bata ay mananagot para sa pangangasiwa ng kanilang pangangalaga. Ang ibang kawani ay magbibigay ng pangangalagang pangkalusugan at medikal, mga serbisyo sa pamamahala ng kaso upang matiyak ang ligtas na muling pagsasama-sama sa isang kamag-anak o napatunayan na sponsor, payo sa kalusugan ng kaisipan at mga serbisyong pang-edukasyon. Karamihan sa mga bata ay inaasahan na manatili sa

kanlungan ng HHS sa pagitan ng 7 at 10 mga araw habang ang mga pasilidad ng HHS ay inaayos ang proseso ng muling pagsasama.

Ang Kanlungan ng HHS ay matatagpuan sa buong bulwagan ng eksibisyon ng Convention Center, sa mga silid ng pagpupulong, at mga ballroom na may karamihan sa mga akomodasyon ay nahahati sa mga seksyon at dinisenyo upang maging komportable at maging masaya para sa mga bata hangga't maaari.

Tatanggap ang mga bata ng iba't-ibang mahahalagang serbisyo at mai-akses ang mga aminidad kasama ang:

- **Ang Medikal na mga Serbisyo** ay nilagyan para sa regular na mga pag-eksamen sa mga bata at sebisiyong pang-emerhensiya kung kinakailangan.
- **Pagkain** tatlong beses isang araw at mga meryenda.
- **Mga amenidad sa Kalinisan** kabilang ang panloob na banyo, personal na mga kagamitan sa kalinisan at mga pribadong pasilidad sa paliigo.
- **Mga tulugan** na kabilang ang mga itinalagang lugar, mga inangkop na kumot na para sa edad nila, mga kumot at unan.
- **Mga Serbisiyong Pang-Edukasyon** sa mga itinalagang silid-aralan, kabilang ang apat na oras na nakabalangkas na edukasyon bawat araw, pag-akses sa iba't-ibang mga donasyong libro sa parehong Ingles at Espanyol, sining at mga indibidwal na aktibidad sa pag-aaral.
- **Bilingual signage, mga kawani at serbisyo sa pagsasalin**
- **Ang mga Damit** ay ibibigay sa bawat bata na maaari nilang itago sa sandaling umalis na sila sa kanlungan. May kasamang mga shorts, pantalon mga dyaket, mga panloob na mga damit, sapatos. Mayroon ding mga serbisiyong paglalaba na abeylabol.
- **Panloob na libangan** ay kabilang ang isang malawak na panloob na lugar na may pag-akses sa mga telebisyon, mga laro sa video, board na mga laro, at mga lugar ng pahingahan. Ang panloob na libangan ay bubukas din sa panlabas na lugar na lumilikha ng isang bukas at nakakainit na kapaligiran para sa mga bata.
- **Walang limitasyong Panlabas na Panlibangan** kabilang ang mga gabay na pisikal na aktibidad at pag-akses sa iba't-ibang mga kagamitan sa pampalakasan para sa maliit na pangkat at indibidwal na laro.
- **Mga Serbisyo sa Internasyonal na Telepono** upang tumawag sa isang miyembro ng pamilya, kamag-anak o kaibigan.
- **Ligal na Representasyon at Serbisyo** ay magagamit onsite.

Ang lahat ng darating na mga bata ay susuriin sa Covid-19 bago ang kanilang pagtigil sa tirahan at hihilingin na masuri kada tatlong araw hanggang sila ay nanatili sa kanlungan. Ang kanlungan ay nilagyan ng magkakahiwalay na lugar na titigilan ng mga bata na positibo. Karamihan sa kawani ng kanlungan ng HHS ay nabakunahan na. And kawani ay susuriin din ng regular upang matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng lahat.

Ang kanlungan ng HHS sa Convention Center ay may kakayahang tumanggap ng hanggang sa 1,000 libong mga bata.

Upang maprotektahan ang pagkakakilanlan at pagkakaligtas ng mga bata na natigil sa silungan, na pawang mga menor de edad na wala pang 18 taong gulang, ang pag-akses ng publiko kabilang na ang pag-akses sa midia ay hindi pinapayagan. Upang matiyak ang transparensi, pinabilis ng HHS at ng Lungsod ang isang walkthrough ng kanlungan para sa mga nahalal na opisyal, mga piniling kinatawan ng midia, at mga kinatawan na bumubuo ng mga lokal na grupo ng pamayanan bago ang tirahan ng pinunan ng mga bata. Sa oras na dumating ang mga bata at para sa kanilang seguridad at pagkapribado, hindi pinapayagan ang mga pangkalahatang paglilibot sa publiko.

Dahil sa antas ng lokal na interes ng publiko sa kanlungan ng HHS na ito, ang lungsod ay magpapatuloy na masigasig na nakikipagtulungan sa pamahalaang Pederal upang magbigay ng napapanahong impormasyon tungkol sa pagpapatakbo ng itinuturing na naaangkop ng katulad sa kanlungang pederal. Ang lungsod ay gumawa din ng isang listahan ng mga [FAQs](#) upang maibigay sa publiko ang mga karagdagang impormasyon.

Bilang tugon sa labis na interes mula sa pamayanan upang magbigay ng karagdagang suporta para sa mga batang ito, noong Abril 19 ay naglunsad ang Lungsod ng isang [webpage](#) na may detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano maaaring makisali ang mga miyembro ng komunidad, mga lokal na samahan ng negosyo, kabilang ang mga donasyong pera sa Long Beach Community Foundation's [Migrant Children Support Fund](#) at mag book ng mga donasyon upang pumili ng mga lokasyon sa Long Beach at mga lokasyon sa mga Silid-Aklatan sa Lungsod ng Long Beach sa pakikipagtulungan sa Long Beach Convention & Visitors Bureau.

Noong Abril 6, ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay nagkaisa na inaprubahan upang ma- [approved](#) na payagan ang Tagapamahala ng Lungsod na makipag-ayos sa isang kasunduan sa pakikipagsosyo sa HHS upang suportahan ang kanilang

pambansang pagsisikap na pansamantalang mailagay at ligtas na ikonekta muli ang mga walang kasamang bata na darating sa timog na hangganan.

Ang lugar ng tirahan ay hindi nakakaapekto sa operasyon ng Covid-19 sa mga Klinika ng Pagbabakuna na kasalukuyang isinasagawa sa Convention Center. Ang mga gastos para sa pagpapatakbo at paggamit ng pasilidad ay sakop ng pamahalaang pederal. Ang mga pagpapatakbo ng silungan ay magtatapos sa Agosto 2, 2021 upang ang mga umiiral na naka-iskedyul na mga kaganapan ay maaaring ipagpatuloy sa Convention Center.

Ang mga detalye tungkol sa Programa na Walang Kasamang mga Bata sa HHS ay abeylabol sa [online](#).

Ang isang kopya ng kontrata para sa mga serbisyo ay abeylabol longbeach.gov/migrantchildren sa ilang sandali nakabinbin ang muling pagdaragdag ng anumang impormasyon sa personal at seguridad.

Para sa mga pinakabagong mga impormasyon tungkol sa COVID-19, na may detalye sa lahat na ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin longbeach.gov/COVID19 at sundan sa @LongBeachCity at Facebook, Twitter at Instagram.

###